

PARATRANSIT

Isang Handbook
para sa User



Spokane Transit

Welcome!



Ang Spokane Transit ay ang iyong tagapagbigay ng pampublikong transportasyon sa Spokane County. Ginagamit mo man ang regular na bus, isang Paratransit van, o pareho, ikinalulugod naming pagsilbihan ka. Layunin naming mabigyan ka ng de-kalidad, ligtas, at matulunging serbisyo ng pampublikong transportasyon.

Ang STA Paratransit ay hindi tulad ng regular na serbisyo ng bus, at hindi rin ito parang serbisyo ng taxi. Ito ay transportasyong hatid-sundo at pangmaramihan kung saan nagsasabay-sabay sa sasakyan ang mga taong may kapansanan at hindi nakagagamit ng regular na serbisyo ng bus para sa ilan o sa lahat ng biyahe dahil sa mga epekto ng kanilang kapansanan.

Ang booklet na ito ay ang iyong gabay sa mga serbisyo ng Paratransit. Naglalaman ito ng impormasyong kailangan mo upang magamit ang Paratransit at upang tulungan kang maunawaan ang iyong mga responsibilidad bilang customer ng Paratransit.

Umaasa kaming kompleto ang impormasyon dito, pero kung may mga tanong ka, tawagan o i-email lang kami. Nasa susunod na pahina ang impormasyon para sa pakikipag-ugnayan sa amin.

Welcome sa STA Paratransit at mag-enjoy sa biyahe!



E. Susan Meyer, CEO ng STA

Misyon at Bisyon ng Spokane Transit

Naninindigan kami sa pagbibigay ng ligtas, magiginhawa, naa-access, at mahuhusay na serbisyo ng pampublikong transportasyon sa mga kapitbahayan, negosyo, at sentrong pang-aktibidad ng rehiyon ng Spokane.

Nangunguna kami sa larangan ng transportasyon at mahalaga kaming katuwang sa lipunan, impraestruktura ng ekonomiya at kalidad ng buhay ng komunidad na ito;

Hangad naming maghatid ng karangalan para sa rehiyong ito.

Tinitiyak ng Spokane Transit na wala itong ipakikitang diskriminasyon alinsunod sa Title VI ng Civil Rights Act (Batas sa mga Karapatang Sibil) ng 1964 at Americans with Disabilities Act (Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan). Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa www.spokanetransit.com.

Ang lahat ng numero ng telepono ay puwedeng i-access ng mga taong bingi o nahihirapang makarinig sa pamamagitan ng Relay 711.

Kung hihilingin, gagawa ng mga alternatibong format ng dokumentong ito para sa mga taong may kapansanan.

Tumawag sa 509-325-6094 o i-email ang STA Ombudsman sa: ombudsman@spokanetransit.com.

© 2018 Spokane Transit Authority - Nakalaan ang lahat ng karapatan

Mga Komento Tungkol sa Paratransit

Mahalaga ang iyong mga komento, mungkahi, reklamo, papuri, at alalahanin. Pakisabi sa amin kung ano'ng iniisip mo. Gagawin namin ang makakaya namin upang mabalikan ka sa loob ng 72 oras. Magagamit ang mga sumusunod na opsiyon upang makapagbigay ng mga komento tungkol sa aming serbisyo:

1. **Tawagan ang Paratransit Tawagan ang Hot Line ng Rider ng Paratransit sa:**
509-325-6026 (TTY Relay 711)
2. **Magpadala ng liham sa:**
Paratransit Manager
1212 W Sharp Avenue
Spokane, WA 99201
3. **Pumunta sa website na www.spokanetransit.com** at i-click ang "Contact Us" (Makipag-ugnayan sa Amin) upang ipadala sa amin ang iyong mga naiisip sa isang email, o
4. **Makipag-ugnayan sa Community Ombudsman/ Accessibility Officer ng STA**
509-325-6094 (TTY Relay 711)
Fax: 509-325-6036
E-mail: ombudsman@spokanetransit.com
Koreo: 1230 West Boone Avenue
Spokane, WA 99201

Maaari kang hindi magpakilala kung nais mo.

Mga Makatutulong na Address at Numero ng Telepono

**Spokane Transit
Paratransit Services
1212 W. Sharp Avenue
Spokane, WA 99201-2686**

Upang mag-iskedyul, magkansela o mag-check ng biyahe, pakitawagan ang tanggapan ng mga reserbasyon sa **509-328-1552 (TTY Relay 711)** sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m., pitong (7) araw kada linggo, at pumili ng isa sa mga sumusunod na opsiyon:

- **Opsiyon 1** - Magpareserba
- **Opsiyon 2** - Magkansela ng biyahe
- **Opsiyon 3** - Mag-check ng biyahe
- **Opsiyon 4** - Humiling ng paulit-ulit na biyahe
- **Opsiyon 5** - Impormasyon sa kalipikasyon/ Humiling ng aplikasyon

Upang magkansela o mag-check ng biyahe bago mag-8:00 a.m. o pagkalipas ng 5:00 p.m., piliin ang Opsiyon 1.

Kung wala kang teleponong may napipindot na numero, manatili sa linya upang hintaying sagutin ng susunod na available na Tagapagreserba ang iyong tawag.

Kung mayroon kang smart phone o access sa web, makipag-ugnayan sa kagawaran ng mga reserbasyon



upang alamin kung paano mo mache-check ang iyong biyahe gamit ang aming Mobi Link. Upang magtanong o magkomento tungkol sa serbisyo, tumawag sa Hotline ng Rider sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes.

Pumili ng isa sa mga sumusunod na opsiyon:

Rider Hotline: 509-325-6026 (TTY Relay 711)

- **Opsiyon 1** - Sumagot sa isang post card o liham
- **Opsiyon 2** - Impormasyon sa kalipikasyon/Humiling ng aplikasyon
- **Opsiyon 3** - Pagsasanay sa Paggalaw
- **Opsiyon 4** - Magbigay ng puna, papuri, reklamo, o alalahanin
- **Opsiyon 5** - Mga tanong tungkol sa serbisyo

Kung wala kang teleponong may napipindot na numero, manatili sa linya para sa susunod na available na kawani.

**Mobility Center – STA Plaza
701 W Riverside – Second Floor
509-232-6303**

Mga Espesyal na Tala para sa Paggamit ng Aklat na Ito

Para sa iyong ikagiginhawa, at ayon sa kahilingan ng aming mga customer, inilimbag ang dokumentong ito nang may malalaking titik.

Kung hihilingin, puwedeng makakuha ng kopya ng handbook na ito sa mga alternatibong format. Tumawag lang sa Ombudsman/Accessibility Officer sa 509-325-6094 (TTY Relay 711).

Para sa mga Tagapagbigay-alaga at mga Ahensiya ng Serbisyon Panlipunan

Ang handbook na ito ay isinulat gamit ang mga pahayag na nakalaang basahin ng customer ng Paratransit. Alam naming maraming tagapagbigay-alaga at iba pang tao ang umaako sa responsibilidad ng pagbabasa at pag-unawa sa impormasyong ito, pati na rin ng pagpapareserba at iba pang pag-aasikaso para sa customer.

Pakitandaan, kung ang taong inaalagaan mo ay sasakay sa van ng Paratransit nang walang tagatulong, dapat niyang sundin ang mga pangunahing responsibilidad ng customer at igalang ang Mga Panuntunan sa Pag-aasal ng Spokane Transit Authority (STA) (tingnan ang pahina 59).

Pakibasa nang mabuti ang espesyal na abiso tungkol sa Mga Tala sa dulo ng ilang seksiyon. Ang mga salaysay na ito ay naglalaman ng mahalagang impormasyong puwedeng makaapekto sa iyong serbisyo ng Paratransit.

TALAAN NG NILALAMAN

Talaan ng Nilalaman

Welcome!	2
Misyon at Bisyon ng Spokane Transit.....	4
Mga Komento Tungkol sa Paratransit	5
Mga Makatutulong na Address at Numero ng Telepono	6
Mga Espesyal na Tala para sa Paggamit ng Aklat na Ito.	8
Para sa mga Tagapagbigay-alaga at mga Ahensiya ng Serbisyong Panlipunan.....	8
Welcome sa Serbisyo ng Van	
na Pangmaramihan ng Paratransit	15
Ano ang Ibig Sabihin ng Paratransit?	15
Kalipikasyon	16
Nagbibigay ang Paratransit ng Tatlong Magkakaibang Antas ng Serbisyo:.....	17
Paano Ako Makakakuha ng Aplikasyon?	18
Pagpapasya sa Kalipikasyon	18
Kalipikasyong may Kondisyon.....	19
Pagsusuri sa Landas ng Biyahe	20
Proseso ng Pag-apela sa Kalipikasyon	20
Pagsasanay sa Paggalaw	22
Oras ng Serbisyo	23
Palugit ng Pagsundo	26
Kailan Magpapaiskedyul ng Pagsakay.....	26
Paano Magpapaiskedyul ng Pagsakay	27
Pag-fax o Pag-email sa Iyong Hiling na Pagsakay.....	29

Mga Tip para sa Paghiling ng Sakay.....	29
Mga Paulit-ulit na Biyahe (Mga Subscription na Biyahe)	33
Pagkansela sa Iyong mga Biyahe	34
Kung Atrasado ang Iyong Appointment.....	35
Serbisyo sa Kaparehong Araw	35
Mga Lugar ng Hintayan at Panlahatang Bulwagan.....	37
Katuwang sa Personal na Pangangalaga (PCA)	38
Inirerekomenda ang PCA sa Ilalim ng mga Sumusunod na Kondisyon.....	38
Pagbiyahe nang may mga Panauhin (Kasama).....	39
Paghahatid ng mga Bata.....	40
Mga Service Animal at Alagang Hayop.....	40
Mga Alagang Hayop	42
Mga Wheelchair at Iba pang Mobility Aid	42
Iba pang Pantulong	44
Ang Lift	45
Mga Sinturong Pangkaligtasan.....	45
Impormasyon sa Pamasaha	46
Mga Operator ng Paratransit.....	47
Pagbiyahe sa Paliparan	48
Mga Bisita mula sa Malayo	50
Masamang Panahon o mga Lokal na Sakuna.....	50
Ilang Panuntunan	51
Pakisaalang-alang.....	53

Paghahanap ng Nawawala 53

Patakaran sa Hindi Pagsipot..... 54

 Patakaran sa Atrasadong Pagkansela.....54

 Mga Pagkansela sa Pintuan55

 Mga Babala at Pagsuspende.....55

Administratibong Pagsusuri..... 56

Mga Opsiyon sa Serbisyo ng Spokane Transit..... 57

Ipaalam sa Amin 57

Mga Panuntunan sa Pag-aasal ng STA..... 59



TARA NA!



Welcome sa Serbisyo ng Van na Pangmaramihan ng Paratransit

Ang handbook na ito ay nagbibigay sa iyo ng sunod-sunod na tagubilin tungkol sa kung paano gamitin ang serbisyo ng van ng Paratransit, kasama na rito ang mga patakaran, pamamaraan, makatutulong na impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at tip para sa aming mga customer.

Ano ang Ibig Sabihin ng Paratransit?

Ang Paratransit ay isang serbisyo ng transportasyong pangmaramihan at naa-access ng wheelchair kung saan nagsasabay-sabay sa sasakyan ang mga indibidwal na may kapansanang pumipigil sa kanila na magamit ang mga regular na bus na may pirming ruta. Ibig sabihin, hindi kaya ng isang tao na makapunta o makaalis sa himpilan ng bus, makasakay o makababa sa isang bus na may rampa, o matagumpay na makapagbiyahe gamit ang bus papunta o paalis sa kaniyang destinasyon, dahil sa mga epekto ng kaniyang kapansanan.



Ang serbisyo ng van ng Paratransit ay katulad ng serbisyo ng bus na may pirming ruta, pinaandar sa parehong lugar, at may parehong mga oras ng serbisyo. Binibigyang-diin ng Paratransit ang kaligtasan, pagiging maaasahan, at ginhawa ng customer.



Ipinagmamalaki namin ang pag-aalok sa pinakamahusay na transportasyon ng van sa mga customer na kalipikado para sa serbisyo ng Paratransit sa ilalim ng mga alituntunin ng Americans with Disabilities Act (ADA).

Ang fleet ng Paratransit na may mahigit 100 van ay nagbibigay-serbisyo sa mahigit 8,000 customer na kalipikado sa ADA, mga panauhin nila, at mga katuwang sa personal na pangangalaga. Ang serbisyo ng van ng Paratransit ay pinaandar nang 365 araw kada taon at nagsasagawa ng 470,000 biyahe kada taon.

Kalipikasyon

Ang mga bus na may pirming ruta ng Spokane Transit ay itinuturing na pangunahing paraan ng pampublikong transportasyon ng lahat ng nasa aming lugar ng serbisyo. Samakatuwid, dapat mag-apply para sa kalipikasyon ang

mga rider na nangangailangan ng serbisyo ng Paratransit. May tatlong uri ng kalipikasyon, na batay sa partikular na kapansanan ng aplikante: serbisyong pansamantala, may kondisyon, at walang kondisyon (ganap). Dahil puwedeng magbago ang mga epekto ng isang kapansanan sa pagdaan ng panahon, hindi permanente ang pagpapatunay para sa kalipikasyon para sa Paratransit. Ang karamihan ng kalipikasyon ay ipinagkakaloob sa loob ng isa (1) hanggang tatlong (3) taon. Nagpapadala ng isang liham ng abiso at form ng panibagong pagpapatunay nang hindi iikli sa 60 araw bago ang takdang petsa ng pagkawalang-bisa ng iyong kalipikasyon. Dapat ay anim (6) na taong gulang ka pataas upang maging kalipikado para sa Paratransit.

Nagbibigay ang Paratransit ng Tatlong Magkakaibang Antas ng Serbisyo:

1. Ang serbisyong walang kondisyon (Ganap) ay nagbibigay-daan sa mga kalipikadong customer upang sumakay ng van para sa lahat ng kanilang biyahe sa aming mga oras ng serbisyo at sa loob ng aming lugar ng serbisyo.
2. Ang serbisyong may kondisyon ay para sa mga customer na kayang sumakay sa bus paminsan-minsan at kailangan ng serbisyo ng van sa ibang mga pagkakataon. Pakitingnan ang seksiyon sa Kalipikasyong may Kondisyon para sa iba pang impormasyon.
3. Ang serbisyong pansamantala ay para sa mga taong may pansamantalang pangangailangan para sa serbisyo dahil sa isang masaklap na pangyayari gaya ng stroke, pagpapalit ng balakang, pilay na binti, atbp.



Ilalagay sa iyong ID card at liham ang petsa ng pagkawalang-bisa. Kung sa palagay mo ay kalipikado ka para sa serbisyo pagkaraan ng petsa ng pagkawalang-bisa, kailangan mong magsagot ng bagong aplikasyon.

Paano Ako Makakakuha ng Aplikasyon?

Makipag-ugnayan sa kagawaran ng Kalipikasyon para sa Mga Serbisyo ng Paratransit ng Spokane Transit sa 509-325-6052 (TTY Relay 711) upang humiling ng aplikasyon sa Paratransit o mag-download ng form ng aplikasyon sa: www.spokanetransit.com/Paratransit

Punan ang aplikasyon ng mga kompletong sagot sa bawat tanong at ipadala ito sa Spokane Transit. Siguruhing lagdaan ang aplikasyon at kompletuhin ang medikal na bahagi bago ito ipadala. Hindi ipoproseso ng Spokane Transit ang mga aplikasyong hindi kompleto.

Pagpapasya sa Kalipikasyon

Dapat kompletuhin ng lahat ng aplikante para sa Paratransit ang form ng kalipikasyon, at kailangan ng karamihan ng aplikante na pumunta sa Mobility Center sa ikalawang palapag ng STA Plaza para sa harapang pagtatasa. Kung kailangan ng Paratransit na isailalim ka sa isang harapang pagtatasa, makikipag-ugayan kami sa iyo pagkatanggap sa aplikasyon upang mag-set up ng appointment. Magbibigay

kami ng libreng transportasyon sa Mobility Center para sa iyong harapang pagtatasa kung kailangan.

Pagkatanggap sa lahat ng kinakailangang impormasyon, pagpapasyahan ng Spokane Transit ang iyong kalipikasyon sa loob ng 21 araw sa kalendaryo. Aabisuhan ka tungkol sa mga resulta sa isang liham.

Kung mapagpapasyahan naming kalipikado ka para sa mga serbisyo ng Paratransit, makatatanggap ka ng liham at ID card na nag-aabiso sa iyo tungkol sa desisyon. Ipi-print sa ID card ang iyong customer number, petsa ng pagkawalang-



bisa at antas ng iyong kalipikasyon. Kung hindi ka masisiyahan sa desisyon, maaari kang mag-apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng liham. Tingnan ang Proseso ng Pag-apela sa Kalipikasyon, pahina 20.

Kalipikasyong may Kondisyon

Ang antas na ito ay iniaakma sa mga kakayahan ng bawat indibidwal batay sa impormasyong ibinibigay sa aplikasyon at mga resulta ng harapang pagtatasang kognitibo at/o pisikal. Ang liham na nag-aabiso sa iyo tungkol sa iyong kalipikasyon ay magkakaroon ng paliwanag sa mga kondisyon sa iyong paggamit sa serbisyo ng van. Nagbabago ang mga kakayahan sa pagdaan ng panahon at puwede kang mag-apply muli upang baguhin ang antas ng serbisyo anumang oras. Ang antas ng serbisyong ito ay para sa mga taong kayang sumakay sa bus paminsan-minsan at

kailangan ng serbisyo ng van sa ibang mga pagkakataon. Ang iyong liham ay maglalaman ng paliwanag tungkol sa mga kondisyong may kinalaman sa iyo.

Pagsusuri sa Landas ng Biyahe

Ang ilang kalipikasyong may kondisyon ay batay sa layo o kondisyon ng landas ng biyahe papunta o paalis sa pinakamalapit na himpilan ng bus. Kung mayroon kang mga partikular na kalipikasyong may kondisyon at madalas mong ginagawa ang biyaheng ito, susuriin ng Paratransit ang biyahe kung kalipikado ito. Ito ay tinatawag na pagsusuri sa landas ng biyahe. Aabisuhan ka sa isang liham kung isasaad sa pagsusuri na hindi kalipikado ang biyahe para sa serbisyo ng Paratransit. Kung hindi ka sang-ayon sa mga resulta ng pagsusuri sa landas ng biyahe, maaari mong iapela ang desisyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Ombudsman/Accessibility Officer:

**1230 W. Boone Avenue
Spokane, WA 99201-2686
ombudsman@spokanetransit.com
509-325-6094 (TTY Relay 711)**

Proseso ng Pag-apela sa Kalipikasyon

Kung hindi ka sang-ayon sa naging pagpapasya sa iyong kalipikasyon, maaari kang mag-apela sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng liham ng pagpapasya sa iyong kalipikasyon. Ang liham ng pagpapasya sa iyong kalipikasyon ay may kasamang form para sa paghiling sa iyong apela.

Ang pag-apela sa pagpapasya sa iyong kalipikasyon ay magbibigay sa iyo ng pagkakataong maglahad ng impormasyon at mga argumento hinggil sa kung bakit ka naniniwalang hindi tama ang naging pagpapasya. Puwede kang magbigay ng impormasyong magpapakita kung paano ka napipigilan ng mga epekto ng iyong kapansanan upang mag-isang gawin ang sumusunod: (1) pagputa sa pinakamalapit na himpilan ng bus; (2) pagsakay at pagbiyahe sa regular na bus na may piringing ruta; at/o (3) pagbaba sa bus at matagumpay na pagpunta sa iyong panghuling destinasyon.

Puwede kang humiling ng harapang pagdinig para sa pag-apela na idaraos sa Spokane Transit. Kung nais mo, puwede kang magsama ng ibang tao sa pagdinig. Magbibigay ang STA ng transportasyon ng Paratransit papunta at paalis sa pagdinig.



Kung mas gusto mong mag-apela sa isang sulat, maaari kang magsumite ng liham ng pag-apela.

Sa loob ng 30 araw pagkatapos ng iyong pagdinig o pagkatanggap ng Spokane Transit sa lahat ng impormasyong gusto mong maisaalang-alang sa iyong apela, matatanggap mo sa isang sulat ang pinal na desisyon hinggil sa iyong kalipikasyon para sa Paratransit.

Pakisumite ang iyong abiso ng pag-apela at anumang karagdagang impormasyon sa:

Appeals, Paratransit Services
Spokane Transit
1230 W. Boone Avenue
Spokane, WA 99201-2686
ombudsman@spokanetransit.com

Pagsasanay sa Paggalaw

Ang libreng Pagsasanay sa Paggalaw ng Spokane Transit ay tumutulong sa mga nakatatanda at mga taong may mga kapansanan upang magkaroon ng higit na kalayaan sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang maging customer ng bus na may pirming ruta. Itinuturo sa iyo ng mga tagapagsanay kung paano gumagana ang sistema, mula sa mga ruta ng bus hanggang sa mga pamasahe, at ang pinakamahalaga, kung paano magagamit ang sistema para sa iyong mga partikular na pangangailangan.

Kung nag-aatubili kang sumakay sa bus, bibigyan ka ng Pagsasanay sa Paggalaw ng kumpiyansang kailangan mo upang maging komportable at magkaroon ng kontrol sa

iyong iskedyul. Ang iyong tagapagsanay sa mobility ay may kaalamang may espesyalisasyon kung paano pakitunguhan ang iba't ibang kapansanan. Tutukuyin ng tagapagsanay ang iyong mga pangangailangan at magdidisenyo siya ng plano ng pagsasanay para sa bawat indibidwal, kabilang na rito ang one-on-one na pagtuturo habang aktuwal na sumasakay sa bus nang kasama ka.

Kung interesado, makipag-ugnayan sa kagawaran ng Pagsasanay sa Paggalaw sa 509-232-6303 (TTY Relay 711).

Oras ng Serbisyo

Ang mga oras ng serbisyo ng Paratransit ay katulad ng oras ng serbisyo ng mga ruta ng bus, ayon sa iniaatas ng Americans with Disabilities Act. Ang serbisyo ng van ng Paratransit ay kasalukuyang magagamit nang pitong araw kada linggo, nang kasama ang mga pista opisyal.

Kung magsisimula ang iyong biyahe nang madaling araw o matatapos ito nang dis-oras ng gabi, tutukuyin ng Tagapagreserba ng Paratransit ang mga oras ng pagsundo/paghatid na pinakamainam na makatutugon sa iyong mga pangangailangan sa pagbiyahe. Pakitandaan na depende sa oras ng iyong reserbasyon ang haba ng iyong biyahe.

Pakitandaan na ito ang mga kasalukuyang pista opisyal na ipinagdiriwang namin. May restriksiyon sa oras ng serbisyo sa mga araw ng pista opisyal at maaari itong magbago sa hinaharap:

- Araw ng Bagong Taon
- Araw ng Pangulo

- Araw ng Paggunita
- Ika-4 ng Hulyo*
- Araw ng Paggawa
- Araw ng Pasasalamat
- Araw ng Pasko



*Maaaring maglaan ng mga espesyal na fireworks shuttle papunta/palis sa kabayanan.

Lugar ng Serbisyo

Dapat magsimula at magtapos ang lahat ng iyong biyahe sa Paratransit sa loob ng lugar ng serbisyo ng Paratransit. Sa ngayon, kabilang dito ang karamihan ng lugar sa mga lungsod ng Cheney, Medical Lake, Airway Heights, Liberty Lake, Spokane, Spokane Valley, at Millwood. May serbisyo rin sa Fairchild Air Force Base at Spokane International Airport.

Ang lugar ng serbisyo ng Paratransit ay katulad ng lugar na pinagseserbisyuhan ng sistema ng regular na bus na may pirming ruta at sumusunod ito sa Americans with Disabilities Act. Ang lugar ng serbisyo ay isang koridor na may habang $\frac{3}{4}$ milya (1.2 kilometro) sa paligid ng bawat pirming ruta. Gayunman, ang lugar ng serbisyo ng Paratransit ay hindi kailanman lumalampas sa opisyal na hangganan ng Spokane Transit, na tinatawag na Public Transportation Benefit Area (Lugar na Nakikinabang sa Pampublikong Transportasyon).

Ang mga pagbabagong nakakadagdag o nakakabawas sa mga lugar at oras kung saan umaandar ang mga bus na may pirming ruta ay katulad ng mga pagbabago sa lugar at oras ng serbisyo ng Paratransit.

Kung hindi ka sigurado kung ang iyong bahay o destinasyon ay nasa loob ng kasalukuyang lugar ng serbisyo ng Paratransit, tumawag sa kagawaran ng Kalipikasyon sa 509-325-6052 (TTY Relay 711).



Pag-iskedyul sa Iyong Pagsakay sa Van

Ang serbisyo ng van ng Paratransit ng Spokane Transit ay nagbibigay ng mahigit 1,800 biyahe kada araw mula Lunes hanggang Biyernes. Hindi ito isang serbisyo ng taxi, pero ito ay isang serbisyo ng van na pangmaramihan na nagsasakay ng maraming customer papunta sa iba't ibang destinasyon. Ibabalanse ang iyong mga pangangailangan kasabay ng mga pangangailangan ng iba pang mga customer. Dahil limitado ang bilang ng van, maaaring hindi palaging posibleng ipaiskedyul ang iyong biyahe sa eksaktong oras na iyong hihilingin.

Ang pagtutugma ng mga sakay ang pinakakomplikadong bahagi ng paghahatid sa iyo sa kung saan mo kailangang pumunta sa tamang oras. Kapag tumatawag ka, gagawin ng mga Tagapagreserba ang makakaya nila upang tuparin ang iyong hiling. Kung kaya mong maging mas maluwag tungkol sa oras na iyong hinihiling, mas madaling mapaglilingkuran ang maraming customer. Iniiskedyul ang mga biyahe upang magkaroon ng sapat na oras ng biyahe sa pagitan ng mga paghinto. Ang mga oras ng biyahe ay idinisenyo upang maging katulad ng mga bus na may pirming ruta.

Palugit ng Pagsundo

Kapag nag-iskedyul ka ng sakay sa van, bibigyan ka ng palugit na 30 minuto kung kailan maaasahan mong susunduin ka ng isang van ng Paratransit. Isa itong 30 minutong yugto na tinatawag na “palugit ng pagsundo”. Maaaring dumating ang iyong van anumang oras sa loob ng palugit na ito, at hindi ito ituturing na atrasado hangga't hindi pa lumilipas ang 30 minutong palugit. Ipinapataw ang 30 minutong palugit sa mga nakaiskedyul na biyahe, kabilang na rito ang mga biyaheng pabalik. Halimbawa, kung sasang-ayon ka sa pagsundo nang 9:00 a.m., darating dapat ang sasakyan sa pagitan ng 9:00 a.m. at 9:30 a.m. para sa pagsundo sa tamang oras.

Kailan Magpapaiskedyul ng Pagsakay

Puwede mong ipaiskedyul ang iyong pagsakay sa van ng Paratransit nang isa (1) hanggang pitong (7) araw bago ang iyong biyahe.

Bukas ang tanggapan ng mga Reserbasyon mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., pitong araw kada linggo, kabilang na rito ang mga pista opisyal.

Paano Magpaiskedyul ng Pagsakay

Tumawag sa tanggapan ng mga Reserbasyon sa 509-328-1552, (TTY Relay 711). Inirerekord ang lahat ng tawag para sa mga layunin ng pagsisiguro sa kalidad.

Layunin naming masagot ang iyong tawag sa lalong madaling panahon. Gayunman, kung kailangan mong maghintay ng Tagapagreserba, maging mapagpasensiya at manatili sa linya. Sinasagot ang mga tawag ayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtanggap sa mga ito, at kakausapin ka ng isang Tagapagreserba sa loob lang ng ilang sandali.



Gagabayan ka ng Tagapagreserba sa proseso ng pagpapaiskedyul sa iyong pagsakay. Pakihanda ang sumusunod bago ka tumawag:

- Ang numero ng iyong Paratransit ID
- Ang iyong pangalan at address
- Lapis at papel
- Ang kompletong address kung saan ka susunduin, kabilang na rito ang pangalan o numero ng apartment at/o gusali
- Eksaktong address at paglalarawan sa kung saan mo gustong pumunta (halimbawa, Fred Meyer sa 400 S. Thor- Pasukan ng Grocery)
- (Mga) oras at (mga) petsa ng biyahe
- (Mga) oras ng anumang appointment na maaaring mayroon ka, upang maplano namin ang mga oras ng paghatid at pagsundo sa iyo
- Kung may kasama kang sasakay na Katuwang sa Personal na Pangangalaga (PCA) o mga panauhin
- Kung may kasama kang service animal o alagang hayop
- Kung gagamit ka ng mobility aid o pantulong sa paggalaw (wheelchair, walker, oxygen)
- Ang anyo ng pagbabayad na gagamitin mo (cash o pass)

Pagkumpirma sa Iyong Hiling na Pagsakay

Kapag tapos ka nang ipaiskedyul ang iyong biyahe, magkasama ninyong susuriin ng Tagapagreserba ang lahat ng impormasyon. Isa itong pagsusuri sa pagiging tumpak ng impormasyon na makabubuti para sa inyong dalawa. Maghanda ng lapis (o pen) at papel upang isulat ang impormasyong ibinibigay sa iyo ng Tagapagreserba. Iminumungkahi naming isulat mo ang pangalan ng Tagapagreserba na tumulong sa iyo upang planuhin ang iyonh biyahe. Inirerekord ang lahat ng tawag para sa pagsisiguro sa kalidad.

Pag-fax o Pag-email sa Iyong Hinihiling na Sakay

Makipag-ugnayan sa tanggapan ng mga reserbasyon para sa impormasyon tungkol sa opsyong ito sa 509-328-1552 (TTY Relay 711).

Mga Tip para sa Paghiling ng Pagsakay

Sa tulong ng mga tip na ito, maibibigay sa iyo ang pinakamagandang posibleng serbisyo:

Tumawag nang Maaga - Kapag mas maaga kang tumawag (maaga nang hanggang pitong (7) araw) para sa isang biyahe, magkakaroon ng mas maraming oras ang Spokane Transit upang planuhin ang tamang ruta.

Maglaan ng dagdag na oras para sa biyahe -

Nakaiskedyul ang mga biyahe nang pangmaramihan kung saan nagsasabay-sabay sa sasakyan ang mga pasahero. Maaaring huminto ang sasakyan upang isakay o ibaba ang ibang mga customer bago makarating sa iyong destinasyon.

Bukod pa rito, maaaring mag-iba-iba ang oras ng biyahe depende sa pagbagal ng trapiko sa mga abalang oras, oras ng araw, lokal na kaganapan, konstruksiyon sa kalsada, aksidente sa kalsada, masamang panahon, o araw ng linggo.

Maging flexible o maluwag - Maaaring hindi makapagpaiskedyul ang Paratransit ng biyahe sa gusto mong oras. Dahil ang Paratransit ay isang serbisyo ng pagbiyahe na pangmaramihan kung saan nagsasabay-sabay sa sasakyan ang mga pasahero, maaaring kailanganin naming iiskedyul ang oras ng pagsundo sa iyo nang hanggang isang (1) oras na mas maaga o mas atrasado kaysa sa hiling mo.

Tandaan ang palugit ng “pagsundo” - Kapag nag-iskedyul ka ng sakay sa van, bibigyan ka ng palugit na 30 minuto kung saan maaasahan mong susunduin ka ng isang van ng Paratransit. Isa itong 30 minutong yugto na tinatawag na “palugit ng pagsundo” Maaaring dumating ang iyong van anumang oras sa loob ng palugit na ito. Hindi ituturing na atrasado ang iyong sakay hangga't hindi pa lumilipas ang 30 minutong palugit. Ipinapataw ang 30 minutong palugit sa mga nakaiskedyul na biyahe, kabilang na rito ang mga biyaheng pabalik. Halimbawa, kung sasang-ayon ka sa pagsundo nang 9:00, darating dapat ang sasakyan sa pagitan ng 9:00 at 9:30 para sa pagsundo nang nasa tamang oras.

Maging handa - Kapag dumating ang mga operator sa loob ng palugit ng pagsundo, puwede lang silang maghintay nang limang (5) minuto pagkarating ng sasakyan. Upang maiwasan ang mga pagkaantala, nakaligtaang appointment, at multa dahil sa hindi pagsipot, maging handang umalis kapag dumating ang sasakyang susundo sa iyo. Pakitandaang hindi ka tutulungan ng mga operator ng Paratransit na maghanda para sa iyong biyahe.

Pag-isipang kumuha ng PCA - Pakitandaan na maaari kang maiwang mag-isa sa sasakyan ng Paratransit anumang oras na tinutulungan ng aming operator ang iba pang mga customer. Hindi palaging mababantayan ng operator ang sasakyan sa mga sandaling iyon. Ibababa ka sa iyong destinasyon, kahit na walang naghihintay sa iyo. Hindi ka namin mahihintay hanggang sa may dumating para sa iyo. Kung hindi ka puwedeng iwanang mag-isa, kumuha ng PCA na sasama sa iyong biyahe.

Limitahan sa 5 biyahe kada tawag - Maaari kang magpaiskedyul ng hanggang limang (5) biyaheng balikan sa bawat pagtawag. Nililimitahan namin ang bilang ng biyaheng maaari mong ipaiskedyul sa isang tawag sa telepono upang mabigyan ng tsansang tumawag ang iba pang mga tao. Kung kailangan mong magpaiskedyul ng mas maraming biyahe, maaari mo kaming tawagan ulit upang magpaiskedyul ng mga karagdang biyahe.

Maraming biyahe - maaari kang magpaiskedyul ng maraming biyahe sa loob ng isang araw. Gayunman, dahil isa itong serbisyong pangmaramihan kung saan nagsasabay-sabay sa sasakyan ang mga pasahero, mahalagang maglaan ng sapat na oras sa pagitan ng mga paghatid at pagsundo. Inirerekomenda naming maglaan ka ng hindi iikli sa isang (1) oras at 15 minuto sa pagitan ng bawat nakaiskedyul na oras ng pagsundo. Hindi ka puwedeng magpareserba ng mas maraming biyahe kaysa sa plano mong gawin.

Pumili ng mga tindahan at iba pang lokasyong malapit sa iyong bahay - Kapag namimili ka o pumupunta sa iba pang lugar, ang pagpili ng lokasyong malapit sa iyong bahay ay makababawas sa tagal at gastos ng iyong bihaye, na magbibigay-daan sa Paratransit upang makaandar nang mas matipid para sa pakinabang ng lahat ng customer.

Limitahan ang iyong mga dala sa pagsakay - Pinapayagan lang ang mga operator na tulungan ang customer na kalipikado sa ADA sa hanggang apat (4) na bag o gamit, (hindi lalampas sa 25 libra (11 kilogramo) ang bawat isa), o isang personal na shopping cart (na walang mga dagdag na bag ng pinamili na nakasabit sa labas ng cart).

Nakalaan sa Paratransit ang karapatang tanggihan ang pagkarga ng mga gamit na lampas sa limitasyon sa timbang, o malalaking gamit dahil sa kakulangan ng espasyo sa sasakyan.

Dalhin ang iyong ID - Nangangailangan ang Fairchild Air Force Base ng espesyal na pagkakakilanlan upang makapasok sa base. Pakidala ang iyong ID sa tuwing sumasakay ka sa sasakyan at pakihanda ito kapag malapit ka na sa base.

Oxygen - kung gumagamit ka ng oxygen, magdala ng sapat na supply ng oxygen.

Abisuhan ang Paratransit tungkol sa anumang pagbabago sa iyong personal na impormasyon - Tumawag sa kagawaran ng Kalipikasyon sa 509-325-6052 (TTY Relay 711) kung lilipat ka sa bagong address, lilipat ng apartment, papalitan ang numero ng telepono sa iyong bahay, o ang numerong matatawagan kapag may emergency.

Mahalagang panatilihin ang napapanahon ang iyong pinadadalhang address at puwedeng iba ito sa address kung saan ka susunduin.

Ang mga indibidwal lang na kalipikado sa ADA ang awtorisadong gumamit ng Paratransit ID card. Kung mawawala o mananakaw ang iyong ID card, tawagan kaagad ang tanggapan ng Kalipikasyon para sa Paratransit sa 509-325-6052 (TTY Relay 711). May singil para sa pagpalit ng nawawala, ninakaw, o nasirang mga Paratransit ID card.

Magdala ng kailangang gamot sakaling magkaroon ng mga pagkaantala. Kung diabetic o hypoglycemic, magdala ng kaunting pagkain sakaling mas magtatagal ang iyong biyahe kaysa sa inaasahan.

Para sa mga medikal na emergency, TUMAWAG SA 911. Ang mga operator ng Paratransit ay hindi sinanay bilang mga paramedic, at hindi kami makapagbibigay ng transportasyong pang-emergency.

Mga Paulit-ulit na Biyahe (Mga Subscription na Biyahe)

Kung kailangan mo ng biyahe sa parehong lugar sa parehong oras nang kahit isang beses kada linggo sa loob ng kahit tatlong (3) buwan, maaaring opsiyon para sa iyo ang Paulit-ulit na Biyahe.

Kapag naihanda na ang Paulit-ulit na Biyahe, hindi mo na kailangang tumawag upang ipahanda ang biyaheng ito dahil awtomatikong iniiskedyul ng computer system ang mga biyaheng ito para sa iyo. Gayunman, dapat mong tandaang kanselahin ang anumang biyaheng hindi mo planong puntahan. Ang mga Paulit-ulit na Biyahe ay matagalan dapat at kaunti lang ang mga pagbabago at pagkansela.

Para sa impormasyon tungkol sa pagpapahanda ng Paulit-ulit na Biyahe, pakitawagan ang tanggapan ng mga reserbasyon sa 509-328-1552 (TTY Relay 711).

Awtomatikong kakanselahin ang mga Paulit-ulit na Biyahe sa mahahalagang pista opisyal na ito:

Araw ng Bagong Taon

Araw ng Pangulo

Araw ng Paggunita

Ika-4 ng Hulyo

Araw ng Paggawa

Araw ng Pasasalamat

Araw ng Pasko

Tandaan: Kung matatapat sa Sabado o Linggo ang pista opisyal, awtomatikong makakansela ang paulit-ulit na biyahe sa pista opisyal na ipinagdiriwang sa buong bansa. Kung gusto mo pa ring itapat sa pista opisyal ang iyong karaniwang biyahe, kailangan mong tumawag nang kahit isang (1) araw bago ipaiskedyul ang biyahe.

Pagkansela sa Iyong mga Biyahe

Dapat mong kanselahin ang isang biyahe kung hindi mo na ito kailangan. Pakitayak na kanselahin ang magkabilang dulo ng iyong biyahe (pagsundo at paghatid) kung nararapat. Dapat kanselahin ng mga customer ang kanilang (mga) biyahe nang hindi iikli sa isang (1) oras bago ang nakaiksediyul na oras upang maiwasan ang multa dahil sa hindi pagsipot. Kung kailangan mong kanselahin ang higit sa isang (1) biyahe, siguruhing sabihin sa Tagapagreserba kung aling mga biyahe ang kakanselahin. Ang mga operator ng van ng Paratransit ay hindi pinapayagang humiling, magbago, o magkansela ng mga biyahe para sa iyo. Responsibilidad

mong tawagan ang tanggapan ng mga reserbasyon sa 509-328-1552 (TTY Relay 711).

Tandaan: Kung hindi ka tatawag upang kanselahin ang iyong biyahe nang kahit isang (1) oras bago ang nakaiskedyul na oras ng pagsundo, maaari kang ituring na “Hindi Sumipot.” Tingnan ang pahina 54 para sa iba pang impormasyon tungkol sa Hindi Pagsipot.

Kung Atrasado ang Iyong Appointment

Kung atrasado ang iyong appointment at may tsansang hindi ka magiging handa sa iyong nakaiskedyul na oras ng pagbalik, o kung hindi mo naabutan ang van, tawagan ang tanggapan ng reserbasyon sa 509-328-1552 (TTY Relay 711) sa lalong madaling panahon. Tutulungan ka ng Tagapagreserba na magpaiskedyul ng biyaheng pabalik.



Serbisyo sa Kaparehong Araw

Depende sa espasyong available, maaaring pagbigyan ang mga limitadong biyahe sa kaparehong araw. Gayunman, huwag agad asahang may serbisyo sa kaparehong araw para sa iyong karaniwang pangangailangan sa biyahe.

Tandaan: Kung mayroon kang medikal na emergency, papayuhan kang humiling ng ibang paraan ng transportasyon. Hindi namin kayang tugunan ang mga medikal na emergency.

Kapag Dumating ang Van

- Kapag dumating na ang van, maghanda nang umalis. Gagawin ang lahat ng pagsisikap upang masundo ka nang hanggang 30 minuto pagkalipas ng nakaiskedyul na oras ng pagsundo sa iyo.
- Ang van ay puwedeng dumating anumang oras sa loob ng 30 minutong palugit ng pagsundo at itinuturing pa rin itong nasa tamang oras.
- Puwede ka lang hintayin ng nang hanggang limang (5) minuto. Kung darating nang maaga ang operator, hindi mo kinakailangang umalis hangga't hindi pa sumasapit ang iyong nakaiskedyul na oras.
- Ang responsibilidad ng operator para sa iyong kaligtasan ay magsisimula sa pintuan kung saan magsisimula ang biyahe, at magtatapos sa pintuan ng iyong destinasyon. Isa itong serbisyong hatid-sundo.
- Ang mga operator ay hindi mga caregiver o tagapagbigay-alaga at hindi sila nagbibigay ng serbisyo bilang tagatulong. Kung kailangan mo ng one-on-one na serbisyo, dapat ay mayroon kang PCA o kasama sa biyahe.
- Hindi kailangan ng mga operator na lumapit sa isang bahay kung saan may peligro silang makasalubong ng isang hayop na hindi nakatali o nakakulong.
- Para sa kaligtasan, dapat ay walang yelo, niyebe at kalat ang landas mula sa pintuan papuntang van.

- Ihanda at ipakita ang iyong pamasaha. Walang dalang panukli ang mga operator at hindi sila pinapayagang maghalungkat sa pitaka, bulsa, o backpack para sa pamasaha. Kung gumagamit ka ng pass, ipakita ito sa operator sa bawat pagbiyahe.
- Ang lahat ng operator ng Paratransit ay may suot na uniporme na may burda ng pangalan ng kompanya. Magpapakilala sila at ipakikita nila ang kanilang ID bilang empleyado.

Mga Lugar ng Hintayan at Panlahatang Bulwagan

- Pupunta ang mga operator sa panlahatang lugar ng isang apartment o gusali ng opisina upang makipagkita sa iyo.
- Sasamahan LANG ang mga customer papunta at paalis sa mga panlahatang lugar.
- Hindi pinahihintulutan ang mga operator na pumasok sa mga pasilidad, umakyat sa mga elevator, hagdan o sa mga indibidwal na opisina upang tulungan o hanapin ang mga customer.
- Hindi pinapayagan ang mga operator na pumasok sa iyong bahay, kahit na upang tulungan ka sa wheelchair, dalhin ang iyong mga package o pinamili, o tulungan ka sa iyong coat.



Katuwang sa Personal na Pangangalaga (PCA)

- Ang isang Katuwang sa Personal na Pangangalaga ay isang taong kasama mo sa biyahe na tumutulong sa iyong personal na pangangalaga at/o mga aktibidad.
- Kung hihilingin mo ang tulong ng isang PCA at hindi ka kasalukuyang nakarehistro para sa isang PCA, pakitawagan ang kagawaran ng Kalipikasyon sa 509-325-6052 (TTY Relay 711) at humiling ng impormasyon kung paano magrehistro para sa isang PCA.
- Libre ang sakay ng iyong PCA at dapat siyang sumakay at bumaba kung saan ka rin sasakay at bababa.
- Maaari ring makipagkita sa iyo ang iyong PCA sa magkabilang dulo ng iyong biyahe.
- Maaari ka ring samahan ng PCA sa regular na bus na may pirming ruta at sumakay nang libre. Ipakita sa operator ng bus ang iyong Paratransit ID card na may naka-print na "PCA".
- Hindi puwedeng maglingkod bilang PCA ang mga empleyado ng PCA.

Inirerekomenda ang PCA sa Ilalim ng mga Sumusunod na Kondisyon

- Hindi ka puwedeng iwanang mag-isa.
- Hindi ka puwedeng magbiyahe nang mag-isa nang lampas sa pintuan para sa pagsundo o paghatid
- Gumagamit ka ng wheelchair at kailangan mong umakyat o bumaba sa hagdan nang higit sa isang hakbang.

- Nagbibiyaha ka sa malubak o di-patag na lupa, o sa iba pang kondisyong nagpapakita ng panganib sa kaligtasan.
- Kailangan mo ng gabay habang nagbibiyaha sa Paratransit.

Pagbiyahe nang may mga Panauhin (Kasama)

- Ang bawat kalipikadong rider ay maaaring magbiyahe nang may kasamang isang panauhin bukod pa sa kaniyang PCA. Maaaring magbiyahe ang iba pang dagdag na panauhin kung may espasyo pa.
- Dapat sumakay at bumaba ang (mga) panauhin kung saan ka rin sasakay at bababa.
- Siguruhing sabihin sa Tagapagreserba na magsasama ka ng (mga) panauhin kapag iniiskedyul mo ang iyong sakay.
- Hindi puwedeng magsakay ang mga operator ng mga pasaherong hindi nakaiskedyul para sa isang biyahe.
- Pareho ang pamasaheng ibabayad mo at ibabayad ng mga panauhin kapag sinasamahan ka nila sa van.
- Sakaling nagpaiskedyul ka ng bihaye para sa isang panauhing sasama sa iyo at hindi siya matutuloy sa biyahe, tumawag sa isang Tagapagreserba sa tanggapan ng mga reserbasyon sa 509-328-1552 (TTY Relay 711) upang kanselahin ang kaniyang biyahe upang maialok namin ang bakanteng upuang iyon sa ibang customer.

Paghatid ng mga Bata

- Ang mga batang wala pang anim (6) na taong gulang ay dapat samahan ng isang customer na kalipikado sa ADA.
- Hanggang tatlong (3) batang wala pang anim (6) na taong gulang ang puwedeng sumama nang libre sa isang customer na kalipikado sa ADA.
- Ang dagdag pang mga bata o mga batang anim (6) na taong gulang pataas ay dapat magbayad ng kasalukuyang pamasaha sa Paratransit.
- Ang mga batang wala pang apat (4) na taong gulang (o wala pang 40 libra (18 kilogramo)) ay dapat magbiyahe nang nasa isang aprubadong upuang pambata. Ang mga batang wala pang isang (1) taong gulang o wala pang 20 libra (9 kilogramo) ay dapat magbiyahe sa isang aprobadong upuang pambata na nakaharap sa likod. Ang mga sinturong pangkaligtasan ng sasakyan ng Paratransit ay magagamit sa mga pambatang upuang pangkaligtasan.
- May pananagutan kang ilagay nang maayos ang upuang pangkotse at ilagay nang maayos ang iyong kasamang bata sa upuang pansasakyan.
- May pananagutan ka para sa iyong kasamang bata sa mga biyahe.

Mga Service Animal at Alagang Hayop

- Ang mga service animal ay mga hayop na sinanay upang gumawa ng mga partikular na bagay upang matulungan ang customer sa mga kaniyang pang-araw-araw na aktibidad.

- Puwedeng sumakay ang mga service animal sa mga sasakyan ng Paratransit.
- Puwedeng magbiyahe ang service animal nang nasa sahig malapit sa may hawak, o kung maliit lang ito, nang kalong ng may hawak.



- Kontrolado mo dapat ang isang service animal sa lahat ng oras.
- Hindi hahawakan ng mga operator ang iyong service animal.
- Kung kailangan mo ng tulong sa pagsakay o pagbaba sa van kasama ang iyong service animal, magplanong magdala ng PCA o bisita upang tulungan ka.
- Ang anumang hayop na hindi kontrolado at/o nagpapakita ng matapang na pag-uugali ay hindi papayagang sumakay sa mga sasakyan ng Paratransit.

Mga Alagang Hayop

- Kung nagbibiyaha ka kasama ang isang alagang hayop, dapat itong ipasok sa isang ligtas na lalagyan.
- Ang bigat ng iyong alagang hayop at lalagyan ay hindi maaaring lumampas sa 25 libra (11 kilogramo), at kaya mo dapat buhatin ang lalagyan ng alagang hayop nang mag-isa.
- Kasya dapat ang lalagyan ng alagang hayop sa ilalim ng upuan o sa iyong kandungan.

Mga Wheelchair at Iba pang Mobility Aid

- Inaatasan ng ADA ang Spokane Transit na magkarga ng mga manwal o de-koryenteng mobility device (mga wheelchair at scooter) na ginagamit ng mga taong may kapansanan at may diperesensiya sa paggalaw.
- Kasya dapat ang isang customer ng Paratransit at ang kaniyang wheelchair sa lift at sa lalagyan ng wheelchair.
- Kung hindi ka sigurado kung kakasya ang iyong mobility device dahil sa haba, lapad o timbang, makipag-ugnayan sa Hotline ng Rider o kagawaran ng Mobility namin sa 509-325-6026 (TTY Relay 711) para sa higit pang impormasyon.
- Kung ikaw at ang iyong mobility device ay may timbang na lampas sa 600 libre (272 kilogramo), makipag-ugnayan sa aming Hotline ng Rider o kagawaran ng Mobility sa 509-325-6026 (TTY Relay 711).

- Matutulungan ka ng operator sa iyong manwal na wheelchair paakyat o pababa nang isang (1) baitang papunta sa patag na daan. Angkop din ang panuntunang ito sa mga manwal na wheelchair na walang sakay.
- Para sa kaligtasan, hindi puwedeng tulungan ng mga operator ang mga taong gumagamit ng mga power wheelchair o scooter nang paakyat o pababa ng mga hagdan o bangketa.
- Hindi paaandarin ng mga operator ang mga power wheelchair o scooter.
- Hindi ka maibibiyahen ng mga operator kung nakasakay ka sa power wheelchair o scooter na hindi gumagana.
- Kung hindi gagana ang iyong power wheelchair o scooter habang nasa komunidad at may nakaiskedyul kang biyahe, tumawag sa tanggapan ng mga reserbasyon sa 509-328-1552 (TTY Relay 711) upang abisuhan ang Paratransit tungkol sa sitwasyon.
- Kung mayroon kang rampa sa iyong bahay, natutugunan dapat nito ang mga kinakailangan sa ADA para sa dalisdis, ligtas ang pagkakagawa nito at hindi hinaharangan ng kahit ano.
- Kung mapagpapasyahan ng operator na hindi niya ligtas na magagamit ang iyong rampa, aabisuhan ang isang Superbisor sa Paratransit. Hindi ka gagabayan ng operator sa rampa hangga't hindi pa napagpapasyahan ng isang superbisor na ligtas ito.

- Kung may mga tanong ka tungkol sa kaligtasan o disenyo ng iyong daanan o rampa sa lokasyon kung saan ka susunduin o ihahatid, tawagan ang Rider Hotline sa 509-325-6026 (TTY Relay 711) upang humingi ng tulong.
- Tanging ang operator lang ang pinapayagang gamitin ang lift ng wheelchair ng sasakyan o iba pang aparatong pangkaligtasan.
- Kung gumagamit ka ng wheelchair o iba pang mobility aid, hinihiling naming panatilihin mo itong malinis at gumagana nang wasto.
- Ang ilang scooter at de-motor na upuan ay maaaring mahirap ikarga nang ligtas o di-ligtas na sakyan habang nasa biyahe. Dahil dito, maaaring irekomenda ng operator na lumipat ka sa upuang pampasahero para sa iyong kaligtasan. Hindi ka obligadong lumipat sa isang upuang pampasahero, pero hinihikayat ka naming lumipat kapag inirekomenda ito ng iyong operator.

Iba pang Pantulong

- Ligtas na ipupuwesto ng operator ang mga walker sa loob ng sasakyan. Ang mga walker, at anumang nakakabit dito gaya ng mga basket, bag, o bote ng tubig, ay may timbang dapat na hindi lalampas sa 25 libra (11 kilogramo) sa kabuoan.
- Kung kailangan mong magbiyahe nang may oxygen unit, mas mainam ang isang unit na portable o madaling bitbitin kahit saan.

- Kung mayroon kang silindro ng oxygen, dapat itong ikarga sa isang lalagyan ng silindro at ikabit nang mahigpit sa isang mobility aid o ilagay sa isang kariton ng silindro na de-gulong. Ligtas na ipupuwesto ng operator ang kariton ng iyong silindro sa loob ng sasakyan.
- Ikakarga at ligtas na ipupuwesto ng operator ang shopping cart sa sasakyan. Nasa loob dapat ng kariton ang mga bagay at hindi dapat nakasabit lang sa kariton.
- Kung ang personal na shopping cart ay de-gulong at gagamitan ng lift, hindi isasaalang-alang ang 25 librang (11 kilogramo) na limit limit sa timbang.

Ang Lift

Ang mga customer na hindi gumagamit ng wheelchair ay maaaring gumamit ng lift upang makasakay sa van. Pakisabi sa Tagapagreserba na nais mong gamitin ang lift kapag binu-book mo ang biyahe. Ibibigay ang impormasyong ito sa operator. Kung hindi mo naipahandang gamitin ang lift, pero kailangan mo itong gamitin, ipaalam ito sa operator at ibababa niya ang lift para sa iyo.

Mga Sinturong Pangkaligtasan

- Para sa kaligtasan at seguridad, inatasan ang lahat ng customer, bisita at PCA na suotin ang mga sinturong pangkaligtasan at manatiling nakaupo nang nakakabit ang kanilang sinturong pangkaligtasan habang nasa biyahe.

- May mga pampahaba ng sinturong pangkaligtasan para sa iyong ikagiginhawa. Ipaalam sa operator kung gusto mong gumamit nito.
- Inirerekomenda ng Spokane Transit na gumamit ang mga customer na nasa wheelchair ng personal na sinturon sa kandungan para mahadlangan ang pagkalaglag mula sa upuan ng wheelchair habang nasa biyahe.
- May mga sinturon sa balikat para sa mga customer na nagbibiyahe nang nasa wheelchair. Opsiyonal ang mga sinturon para sa balikat. Ipaalam sa operator kung gusto mong gumamit nito.

Impormasyon sa Pamasaha

Pakitanong ang Tagapagreserba tungkol sa kasalukuyang pamasaha para sa one-way o hindi balikang biyahe sa Paratransit. Puwedeng magbago ang mga pamasaha.

Puwede kang magbayad ng pamasaha gamit ang iba't ibang opsiyon sa pamasaha. Para sa impormasyon tungkol sa iba't ibang opsiyon sa pamasaha na kasalukuyang magagamit, tumawag sa kagawaran ng serbisyo sa customer sa 509-456-7277 (TTY Relay 711).

- Maghanda ng eksaktong pamasaha. Walang dalang panukli ang mga operator at hindi sila pinapayagang maghalungkat sa pitaka, bulsa, o backpack para sa pamasaha.
- Ilagay ang pamasaha sa kahon ng pamasaha o iabot ito sa operator sa bawat pagkakataong sumasakay ka sa sasakyan.

- Kung gumagamit ka ng buwanang pass, kailangan mo itong ipakita sa operator sa bawat pagkakataong sumasakay ka sa sasakyan.
- Kailanganng mga panauhin/kasama at mga batang anim na taong (6) gulang pataas na magbayad ng pamasaha.
- Ang mga PCA at ang hanggang tatlong batang wala pang anim (6) na taong gulang ay hindi kinakailangang magbayad ng pamasaha.
- Walang singil para sa mga service animal at alagang hayop.

Mga Operator ng Paratransit

Ang mga operator ng Paratransit ay sinanay sa pagmamaneho nang defensive, pagtulong sa pasahero, kaalaman sa kapansanan, at ligtas na pagpapaandar ng mga sasakyan ng Paratransit. Makipagtulungan sa mga operator at sundin ang kanilang mga tagubilin.

- Ang unang responsibilidad ng operator ay ang kaligtasan at seguridad ng lahat ng customer at sasakyan.
- Bawasan ang mga sagabal sa operator. Hindi ka kakausapin ng mga operator kung hindi kailangan. Upang matulungan ang operator na pagtuunan ang kaniyang pagmamaneho, limitahan ang pakikipag-usap para lang sa mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong biyahe.
- Kung maaari, hinihikayat ang mga operator na manatiling malapit sa sasakyan, gayunman, hindi ito palaging posible.

- Pakitandaan na maaari kang maiwang mag-isa sa sasakyan ng Paratransit habang tinutulungan ng operator ang iba pang mga customer.
- Pinapayagan ang mga operator na tulungan ang customer na kalipikado sa ADA sa hanggang apat (4) na bag, (hindi lalampas sa 25 libra (11 kilogramo) ang bawat isa), o isang personal na shopping cart (na walang dagdag na bag na nakasabit sa labas ng cart).
- Hindi puwedeng kumuha ang mga operator ng mga package (gaya ng mga reseta) para sa iyo at dalhin ang mga ito sa iyo.
- Hindi pinapayagan ang mga operator na maghintay habang may inaasikaso kang takdang gawain.
- Hindi awtorisado ang mga operator na humawak ng gamot o pera, maliban sa iyong pamasaha.
- Hindi puwedeng tumanggap ang mga operator ng mga tip; gayunman, pinahahalagahan nila ang mga liham ng papuri para sa mahusay na serbisyo.
- Hindi lalapit ang operator sa isang bahay kung saan may peligro silang makasalubong ng isang hayop na hindi mabait, hindi nakatali o hindi nakakulong. Kapag dumating ang operator, siguruhing nasa lalagyan o nakatali ang iyong hayop.

Pagbiyahe sa Paliparan

Kapag nagbibiyaha ka papunta o paalis sa Spokane International Airport , ikalulugod ng operator na dalhin ang iyong bagahe mula sa iyong pintuan papunta sa van. Hindi ka maaaring magkaroon ng lampas sa apat na piraso

ng bagahe para sa bawat pasaherong kalipikado sa ADA, kung saan ang bawat piraso ay may timbang na hindi lalampas sa 25 libra (11 kilogramo).

Inaatasan ang mga PCA at kasama na dalhin ang sarili nilang bagahe at limitado lang ito sa apat (4) na item, kung saan ang bawat isa ay may timbang na hindi lalampas sa 25 libra (11 kilogramo).

Sa Spokane International Airport, alinsunod sa mga regulasyon sa paliparan, dapat manatili ang operator nang malapit sa bangketa. Ikaw at ang iyong bagahe ay ibababa ng operator sa bangketang pinakamalapit sa pasukan ng sasakyan mong airline.

Sa mga biyahe mula sa paliparan, dapat mong salubungin ang operator sa bangketa. Iminumungkahi ng Spokane Transit na maghintay ka sa kuhanan ng bagahe at malapit sa isang bintana. Dapat ay makita mo ang pagdating ng van at makapunta ka sa bangketa.



TANDAAN: Kapag nagpareserba ka ng biyahe mula sa paliparan, papayuhan kang tumawag sa tanggapan ng mga reserbasyon sa 509-328-1552, (TTY Relay 711) kapag dumating na ang iyong eroplano upang maipalam sa Paratransit na hinihintay mo ang iyong sasakyang van. Dahil posibleng maantala ang mga flight, hindi magpapadala ng van hangga't hindi ka pa tumatawag.

Mga Bisita mula sa Malayo

Kung plano mong magbiyahe sa malayo at gusto mong gumamit ng serbisyo ng Paratransit ng ADA sa ibang lugar, makipag-ugnayan sa kagawaran ng kalipikasyon ng STA sa 509-325-6052 (TTY Relay 711) upang humingi ng tulong sa pag-aasikaso nito.

Ang mga bisita sa Spokane, na sertipikadong kalipikado sa ADA para sa Paratransit ng iba pang tagapagbigay ng transit, o nagbibigay ng dokumentasyon ng kapansanan, o pinatutunayan ang kanilang mga sarili bilang may kapansanang nakapipigil sa kanila para gumamit ng mga regular na bus ng STA, ay maaaring gumamit ng serbisyo ng Paratransit ng Spokane Transit hanggang sa 21 araw sa isang taon nang hindi kinakailangang kompletuhin ang pormal na proseso ng aplikasyon.

Kung kailangan ng mahigit 21 araw ng serbisyo sa Spokane sa isang taon, dapat mag-apply ang mga bisita sa pamamagitan ng proseso ng kalipikasyon ng Spokane Transit. Upang humiling ng aplikasyon, makipag-ugnayan sa kagawaran ng kalipikasyon, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng oras na 8:00 a.m. at 5:00 p.m. sa 509-325-6052 (TTY Relay 711).

Masamang Panahon o mga Lokal na Sakuna

Maaaring iantala o kanselahin ng Spokane Transit ang serbisyo ng pampublikong transportasyon kapag ang masamang lagay ng panahon ay nagdudulot ng mga kondisyong mapanganib para sa mga customer at operator, o kapag hindi kaya ng mga sasakyan na makarating sa iyong tirahan o destinasyon nang ligtas.

Maaaring makansela ang ilang biyahe nang biglaan. Gagawin ang lahat para makapagbigay ng mga biyaheng makasagip ng buhay gaya ng dialysis o chemotherapy, hangga't kaya ng mga sasakyan na makarating sa iyong tirahan at destinasyon.

Isasama ang mga anunsiyo tungkol sa serbisyo ng Paratransit sa impormasyon tungkol sa pagsasara ng paaralan sa radyo at telebisyon. Kung lalo pang lalala ang mga kondisyon ng panahon pagkatapos kang maihatid ng serbisyo ng Paratransit sa iyong desintasyon, maghahanda kami ng biyahe pabalik sa bahay.

Kung magsisimula o magtatapos ang iyong biyahe sa isang burol o eskinita, maaaring hindi makarating doon ang serbisyo ng Paratransit hanggang sa matanggal ang niyebe at yelo sa kalye at maging ligtas ito para sa pagbiyahe. Ang mga bangketa, labasan ng sasakyan, at rampa ay dapat tanggalan ng niyebe, yelo, at kalat upang ligtas na matulungan ng mga operator ang mga customer papunta at paalis sa van.


Ilang Panuntunan

Ang Paratransit ay isang serbisyong pangmaramihan kung saan nagsasabay-sabay sa sasakyan ang mga pasahero, at layunin naming magbigay ng ligtas at maginhawang biyahe para sa lahat ng aming customer. Gusto ng Spokane Transit na malaman mo ang tungkol sa ilang mahahalagang panuntunan sa pagsakay sa Paratransit.

Ang isang kompletong kopya ng mga panuntunang nagpapataw ng regulasyon sa wastong kaugalian sa mga sasakyan, ari-arian, at pasilidad ng STA ay makikita sa Mga Panuntunan sa Pag-aasal ng STA - pahina 59.

Ang sumusunod ay isang buod ng mga aktibidad na hindi pinapayagan:

- Pag-inom mula sa mga tasang hindi spill-proof o puwedeng lumigwak, paninigarilyo, pagkain, at pagtugtog ng kagamitang pang-audio nang walang headphones o paggamit ng iba pang maingay na aparato sa van.
- Pag-iingay, labis na nakagagambala, marahas, o mapagbanta habang nasa van o habang sumasakay o bumababa.
- Paggawa ng bagay na ilegal o maaaring makapaminsala sa iba.
- Pagtanggap maayos na i-secure ang isang wheelchair, o pagtanggap suotin ang kinakailangang sinturong pangkaligtasan.
- Pagdadala ng mga likidong puwedeng lumiyab.
- Pagpapakita ng sandata sa paraang nagpapamalas ng intensiyong manakot ng iba.
- Pag-antala o paghadlang sa daloy ng mga serbisyo ng transportasyon.
- Pagtanggap ng sinturong pangkaligtasan at/o paglalakad-lakad sa loob ng sasakyan habang bumibiyahe.



Pakisaalang-alang

- Ang mga pabango at cologne ay maaaring magdulot ng mga allergic reaction na nagreresulta sa problema sa puso at sa paghinga para sa ibang mga customer. Iwasan ang paggamit ng mga bagay na may amoy habang sakay ng serbisyo.
- Para sa kaginhawaan at kalusugan ng lahat ng customer, dapat panatilihin ang personal na kalinisan ayon sa mga katanggap-tanggap na pamantayan. Ang matapang na amoy, balakubak ng hayop at iba pang allergen ay maaaring ikabalisa ng iba pang mga customer.



Paghahanap ng Nawawala

Hindi responsibilidad ng Spokane Transit ang mga bagay na maiwan sa van. Responsibilidad ng mga customer na subaybayan ang lahat ng personal na ari-ariang dinadala sa van. Kung mapag-alaman mong may naiwan kang item sa isang sasakyan, tumawag sa tanggapan ng mga reserbasyon sa 509-328-1552, o sa Hotline ng Rider sa 509-325-6026 (TTY Relay 711) sa lalong madaling panahon. Itatabi ang mga bagay na makikita sa van nang hindi hahaba sa 30 araw.

Patakaran sa Hindi Pagsipot

Nangyayari ang “Hindi Pagsipot” kapag ang isang customer:

- ay wala sa hiniling na address ng pagsundo, at hindi mahanap ng operator ang customer; o
- hindi pa rin siya handang sumakay sa sasakyan pagkalipas ng limang (5) minunto mula nang dumating ang sasakyan sa tamang oras; o
- Hindi niya kinansela ang biyahe nang hindi iikli sa isang (1) oras bago ang nakaiskedyul na oras ng pagsundo.

Kung humiling ka ng biyahe at hindi ka makasasakay, responsibilidad mong kanselahin ang nakaiskedyul na biyahe. Ang pagkabisong magkansela ng mga biyahe ay nakaaantala sa van, nagdudulot ng pagkalugi sa mga nagbabayad ng buwis nang libo-libong dolyar kada taon, at nakaaapekto sa mga customer na nakaiskedyul na sumabay sa iyo sa bihahe.

Ang sobrang dalas na Hindi Pagsipot ay puwedeng magresulta sa mga parusa, kabilang na rito ang pagsususpende ng serbisyo.

Patakaran sa Atrasadong Pagkansela

Ang mga biglaang pagkansela ay puwedeng makapagpabalang sa serbisyo at makadagdag sa aming mga gastusin. Sakaling magkaroon ng emergency kung saan mapipilitan kang kanselahin ang isang biyahe sa mismong araw ng iyong biyahe, tumawag sa lalong madaling panahon.

Ang mga serbisyo ng Paratransit ay humihiling ng abisong hindi iikli sa isang (1) oras para sa pagkansela. Ang mga pagkanselang may abisong mas maikli sa isang (1) oras ay itinuturing na Hindi Pagsipot. Kapag tumatawag ka upang kanselahin ang isang biyahe, siguruhing kanselahin ang lahat ng biyaheng hindi mo masisipot sa petsang iyon kabilang na rito ang mga biyaheng pabalik.

Mga Pagkansela sa Pintuan

Ang mga pagkanselang isasagawa sa pintuan para sa isang pagsundo sa tamang oras ay ituturing na Hindi Pagsipot. Ang mga pagkanselang isasagawa sa pintuan dahil dumating ang van pagkalipas ng 30 minutong palugit ay hindi ituturing na paglabag.

TANDAAN: Ang mga Hindi Pagsipot o atrasadong pagkansela na magaganap dahil sa mga sitwasyong wala sa kontrol ng customer ay dapat iulat sa Rider Hotline sa 509-325-6026 (TTY Relay 711) sa lalong madaling panahon.

Mga Babala at Pagsuspende

Ang pagkakaroon ng madalas na Hindi Pagsipot ay magreresulta sa mga parusang babala at pagkakasuspende. Pabigat nang pabigat ang mga parusa, ibig sabihin ay tumataas ang parusa habang nauulit nang nauulit ang Hindi Pagsipot. Ang bawat parusa ay kinakalkula batay sa kasaysayan ng Hindi Pagsipot ng customer sa nakaraang 12 buwang panahon.

Administratibong Pagsusuri

Nakalaan sa Spokane Transit ang karapatang suspendihin ang serbisyo sa iyo dahil sa lantaran at/o paulit-ulit na paglabag sa Mga Panuntunan sa Pag-aasal ng STA. Aabisuhan ka kung magkakaroon ng anumang paglabag.

Kung hindi ka sang-ayon sa babala ng Spokane Transit o sa desisyon nitong suspendihin ang serbisyo, may karapatan kang humiling ng administratibong pagsusuri sa isang sulat o alternatibong format sa loob ng 15 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng babala o desisyon. Upang humiling ng administratibong pagsusuri, makipag-ugnayan sa:

**Manager, Paratransit Services
Spokane Transit
1212 W. Sharp Avenue
Spokane, WA 99201-2686
509-325-6015 (TTY Relay 711)**

TANDAAN: Kung hindi ka sang-ayon sa resulta ng administratibong pagsusuri, puwede kang humiling ng pormal na pag-apela.

Sa lalong madaling panahon pagkatanggap mo sa abiso tungkol sa mga resulta ng iyong administratibong pagsusuri, at hindi lalambas sa tatlong (3) araw ng negosyo bago ang nakaiskedyul na pagsisimula ng pagsuspende sa iyo, makipag-usap sa Ombudsman/Accessibility Officer sa:

Spokane Transit
1230 W. Boone Avenue
Spokane, WA 99201-2686
ombudsman@spokanetransit.com
509-325-6094 (TTY Relay 711)

Mga Opsiyon sa Serbisyo ng Spokane Transit

Batay sa mga pangangailangan sa operasyon, pagpapasyahan ng Spokane Transit Authority kung ang iyong sakay ay ibibigay ng STA o ng isang tagapagbigay ng serbisyo ng transporasyon sa ilalim ng kontrata.

Ipaalam sa Amin

Tumatanggap kami ng mga puna, mungkahi, at komento tungkol sa aming serbisyo. Tawagan kami sa Rider Hotline sa 509-325-6026 (TTY Relay 711) o sumulat sa:

Manager, Paratransit Services
Spokane Transit
1212 W Sharp Avenue
Spokane, WA 99201-2686
jstowe@spokanetransit.com

Kapag nakikipag-ugnayan ka sa tanggapan ng Paratransit, maging partikular at isama ang sumusunod na impormasyon:

- Ang iyong pangalan, numero ng ID, address, numero ng telepono

- Ang petsa, oras, at lokasyon ng insidente
- Ang numero ng sasakyan o pangalan ng operator
- Ang iyong papuri, mungkahi, o reklamo

Kung gusto mong makipag-ugnayan sa isang tao sa Spokane Transit sa labas ng Kagawaran ng Paratransit o kung gusto mong hindi magpakilala, makipag-ugnayan sa:

Ombudsman/Accessibility Officer
Spokane Transit
1230 W. Boone Avenue
Spokane, WA 99201-2686
ombudsman@spokanetransit.com
509-325-6094 o TTY Relay 711

Asahan mong makatanggap ka ng mabilis at tumpak na sagot sa iyong mga tanong at alalahanin.

Umaasa kaming matutulungan ka ng pang-impormasyong handbook na ito na masagot ang iyong mga tanong tungkol sa serbisyo ng van na pangmaramihan ng Paratransit ng Spokane Transit.

TANDAAN: Kung may mga tanong ka tungkol sa pagbabasa sa handbook na ito, tumawag sa tanggapan ng Paratransit sa 509-328-1552 (TTY Relay 711) at piliin ang Opsiyon 5. Ikalulugod ng aming kawanihan na matulungan ka.

Mga Panuntunan sa Pag-aasal ng STA

ARTIKULO III NG SPOKANE TRANSIT -- REGULASYON NG PAG-AASAL



A. IPINAGBABAWAL NA PAG-AASAL

Ang sumusunod na pag-aasal ay ipinagbabawal sa mga Sasakyang Pambiyahe ng STA, sa loob o sa ibabaw ng mga Pasilidad at Ari-arian ng STA, at nang may kaugnayan sa paglalaan ng STA ng mga serbisyo ng pampublikong transportasyon:

1. Paggawa ng anumang pag-aasal na ipinagbabawal ng Revised Code of Washington (RCW, Binagong Kodigo ng Washington) 9.91.025 o Spokane Municipal Code (SMC, Kodigong Munisipal ng Spokane) 10.10.100;
2. Paggamit ng nginunguyang tabako maliban kung gagawin ito sa nakatalagang lugar; paggamit

ng anumang nicotine o smoking device na nagdudulot ng anumang usok, hamog, singaw o iba pang katulad nito na lalabas kapag ginamit ang aparato, sa loob ng dalawampu't limang (25) talampakan (7.6 metro) ng anumang Sasakyang Pambiyahe, silungan, o iba pang pasilidad ng pampublikong transportasyon ng Spokane Transit Authority (STA, Awtoridad sa Transit ng Spokane), o sa loob ng dalawampu't limang (25) talampakan (7.6 metro) ng anumang pasukan, bintana, o bukanang pinapasukan ng hangin ng mga gusali ng Spokane Transit Authority (STA, Awtoridad sa Transit ng Spokane); paninigarilyo o pagdadala ng may sindi o nagbabagang pipa, tabako, o sigarilyo sa loob ng dalawampu't limang (25) talampakan (7.6 metro) ng anumang Sasakyang Pambiyahe, silungan o iba pang pasilidad ng pampublikong transportasyon ng Spokane Transit Authority (STA, Awtoridad sa Transit ng Spokane), o sa loob ng dalawampu't limang (25) talampakan (7.6 metro) ng anumang pasukan, bintana, o bukanang pinapasukan ng hangin ng mga gusali ng Spokane Transit Authority (STA, Awtoridad sa Transit ng Spokane) (RCW 9.91.025, RCW 70.160.020(1)(2) at RCW 70.160.030)

3. Pagtatapon ng basura bukod sa mga nakatalagang tapunan (RCW 9.91.025/SMC 10.10.100);
4. Pagtatambak o pagtatapon, o pareho, ng anumang materyales sa ari-arian ng transit, kabilang na rito ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga mapanganib na substance at likidong pangsasakyan (RCW 9.91.025);

5. Pagpapatugtog ng anumang radyo, rekorder, o iba pang kagamitang tumutunog, maliban kung walang nakalagay rito na nagbabawal sa paggamit ng nasabing kagamitan kapag nakakonekta sa earphones o ear receiver na naglilimita sa tunog para lang sa mga indibidwal na tagapakinig o sa paggamit ng mga aparato sa pakikipag-usap ng mga Empleyado ng STA, kontratista ng STA o mga pulis na nangangalaga sa kaligtasan ng publiko na nasa tungkulin, o sa paggamit ng mga pribadong aparatong pangkomunikasyon na ginagamit upang tumawag, mag-abiso, o makipag-ugnayan sa iba pang mga indibidwal (hal., mga pager, beeper o cellular na telepono) (RCW 9.91.025);
6. Pagdura, pagdahak, pag-ihi, o pagsuka, maliban kung sa angkop na kasangkapan sa mga pasilidad ng banyo (RCW 9.91.025/SMC 10.10.100);
7. Pagbibitbit o pagdadala ng isang Tao ng anumang lumiliyab na likido, pampasabog, asido, o iba pang bagay o materyales na posibleng makapahamak ng ibang tao maliban kung walang kahit anong nakalagay rito na pumipigil sa isang Tao na magdala ng pansindi ng sigarilyo, tabako o pipa, o magbitbit ng baril o bala sa anumang paraang hindi ipinagbabawal ng batas (RCW 9.91.025/SMC 10.10.100);
8. Pagharang o pagsagabal sa daloy ng mga Sasakyang Pambiyahe ng STA o sa kilos ng pasahero, na humahadlang o pumipigil sa access sa mga Sasakyang Pambiyahe o ari-arian ng STA, kabilang na ang pagdudulot ng di-makatwirang pagkaantala sa pagsakay o pagbaba, pagbara o

bahagyang pagbara sa pasilyo o hagdanan gamit ang isang package o bagay, pag-recline nang mahigit sa isang upuan, o sa anumang paraan ay nakapanghihimasok o malubhang nakagagambala sa paglalaan o paggamit ng mga serbisyo ng transit (RCW 9.91.025/SMC 10.10.100/ ADA;

- 9.** Pag-istorbo sa iba dahil sa pagiging maingay, malikot, magulo, agresibo, marahas, mapanghamak, o mapanggipit (RCW 9.91.025/SMC 10.10.100/ADA);
- 10.** Pagsira, pagwasak, o kaya naman ay pamiminsala sa ari-arian ng STA o anumang karatula, paunawa, o patalastas sa ari-arian ng transit (RCW 9.91.025/SMC 10.10.100);
- 11.** Pagkonsumo ng alak, o pagdadala ng bukas na inumang may lamang alak sa anumang Sasakyang Pambiyahe. Pagbibitbit ng anumang alak o kinokontrol na substance sa anumang Sasakyang Pambiyahe, maliban kung awtorisado ng batas (RCW 46.61.519);
- 12.** Pagkonsumo ng alak, o pagdadala ng bukas na inuman ng alak sa mga Pasilidad at Ari-arian ng STA, maliban kung nasa lugar na pinahihintulutan sa bisa ng pagmamay-arang wastong lisensiya para sa alak ng estado at/o lokal na pamahalaan at awtorisado ng STA (RCW 9.91.025);
- 13.** Pagkonsumo, pagbubukas, pagdadala ng bukas na paketeng may lamang marijuana, magagamit na marijuana, produktong may halong marijuana, o marijuana concentrate sa mga Pasilidad at Ari-arian ng STA o sa mga Sasakyang Pambiyahe; kabilang

na ang pagdadala ng marijuana o produktong marijuana sa mga Sasakyang Pambiyahe maliban kung nasa pakete, lalagyan o receptacle na hindi bukas o sira ang selyo o inalisan ng ilang laman. (RCW 46.61.745/RCW 69.50.445/SMC 10.15.220)

- 14.** Pagdadala, paglalantad, pagpapakita, o pagbunot ng baril, patalim, espada, kutsilyo, o iba pang instrumentong panghiwa o panaksak, pamalo, o anupamang sandatang halatang kayang makapanakit ng katawan, sa paraan, sa sitwasyon, at sa panahon at lugar na nagpapamalas ng hangaring manakot ng iba o nagbabanta sa kaligtasan ng ibang mga Tao, maliban kung awtorisado ng batas (RCW 9.41.270);
- 15.** Paghahagis ng bagay sa mga Sasakyang Pambihaye o mga Pasilidad at Ari-arian ng STA, o sa sinumang Tao sa mga Pasilidad at Ari-arian ng STA o paggamit ng Sasakyang Pambiyahe (RCW 9.91.025);
- 16.** Pagpayag sa anumang hayop, kabilang na ang mga service animal, na umokupa ng upuan sa mga Sasakyang Pambiyahe o sa mga Pasilidad at Ari-arian ng STA, na tumakbo nang malaya, na di-makatwirang mang-istorbo ng iba, mag-iwan ng dumi sa mga Pasilidad at Ari-arian ng STA, o manghimasok sa mga Aktibidad na may Kinalaman sa Transit. Maliban sa mga service animal, hindi pinapayagan ang mga hayop sa mga Pasilidad at Ari-arian ng STA o mga Sasakyang Pambiyahe maliban kung nasa carrier na partikular na idinisenyo para sa mga hayop, na may absorbent o pansipsip na materyales sa sahig ng carrier;

- 17.** Paggamit ng roller skates, roller blades o skateboard sa mga Pasilidad at Ari-arian ng STA (RCW 9.91.025/SMC 16.61.787);
- 18.** Pagsakay sa mga bisikleta, unicycle, moped at motorsiklo, maliban kung saan pinahihintulutan ang pagbiyahe at pag-access ng sasakyan (SMC 16.61.787);
- 19.** Paggamit ng mga Pasilidad at Ari-arian ng STA bilang paradahang residensiyal o komersiyal maliban kung awtorisado ng STA o ng itinalaga nito;
- 20.** Pagpapatakbo, paghinto, pagpigil o pagparada ng sasakyan sa anumang kalsada o lokasyong puwede lang gamitin ng mga Sasakyang Pambiyahe o kaya naman ay may restriksiyon;
- 21.** Pagkain sa mga Sasakyang Pambiyahe o sa mga ipinagbabawal na lugar sa mga Pasilidad at Ari-arian ng STA; pinahihintulutan ng STA ang paglilipat at pagkonsumo ng mga inumin sa mga Sasakyang Pambiyahe kapag nasa lalagyang may takip ang inumin. Paggamit ng public address system, loudspeaker o iba pang aparatong pampalakas ng tunog, maliban kung awtorisado ng STA o ng itinalaga nito (RCW 9.91.025);
- 22.** Pag-upo o paghiga sa sahig ng mga Sasakyang Pambiyahe, halamanan, barandilya, hagdanan, counter, pasimano, o anupamang lugar o fixture na hindi partikular na idinisenyo bilang upuan, o mga sahig, bangketa, aspalto, o iba pang ground na sumasakop sa loob o sa ibabaw ng mga Pasilidad at Ari-arian ng STA;

- 23.** Pagtulog, pag-camp o pag-imbak ng personal na ari-arian sa mga bangkuan at sahig sa ibabaw o sa loob ng mga Sasakyang Pambiyahe o mga Pasilidad at Ari-arian ng STA, maliban kung awtorisado ng batas;
- 24.** Pagpasok o pananatili sa anumang di-pampublikong bahagi ng mga Pasilidad at Ari-arian ng STA, kabilang na ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga lugar ng pagtitipon-tipon, lugar ng trabaho at kuwarto ng mga kagamitan, maliban kung awtorisado ng STA o ng itinalaga nito;
- 25.** Pagpasok o pananatili sa isang lugar na minarkahan bilang reserbado para sa nakatatandang mamamayan o mga customer ng Paratransit nang walang patunay ng edad o pagsakay na na-book sa Paratransit;
- 26.** Pagpasok sa mga Sasakyang Pambiyahe o sa mga Pasilidad at Ari-arian ng STA nang walang suot na kamiseta at sapatos o pagkabigong magpanatili ng antas ng kalinisan na hindi mapanakit sa ibang customer;
- 27.** Paggawa ng aktibidad na komersiyal sa mga Pasilidad o Ari-arian ng STA o mga Sasakyang Pambiyahe, maliban sa mga nasabing aktibidad na awtorisado ng STA o ng itinalaga nito sa isang nakasulat na Permiso, lisensiya, kontrata ng concession, pag-upa o iba pang nakasulat na awtorisasyon;
- 28.** Paggawa ng mga Aktibidad ng Pampublikong Komunikasyon sa mga Pasilidad o Ari-arian ng STA o mga Sasakyang Pambiyahe, maliban kung

awtorisado ang mga nasabing aktibidad sa ilalim ng Artikulo IV at V;

- 29.** Paggawa ng anumang sibika, pangkultura at iba pang espesyal na pangyayaring hindi kasali sa mga kahulugan ng mga Aktibidad ng Pamublikong Komunikasyon sa Artikulo II, maliban sa mga nasabing aktibidad na awtorisado ng STA o ng itinalaga nito sa isang nakasulat na Permiso, lisensiya, kontrata ng concession, pag-uupa o iba pang nakasulat na awtorisasyon;
- 30.** Pagsasagawa ng anumang kilos na may tendensiyang gumawa o magpahiwatig, o gumagawa o nagpapahiwatig ng agarang paglabag sa kapayapaan, kabilang na ang, ngunit hindi nalilimitahan sa (a) pakikipag-away, (b) pakikipagkarera, (c) bastos na pananalita o pag-aasal na may tendensiyang magdulot ng paglabag, at (d) personal na mapang-abusong epithet, o pananalita o wikang may katangiang mapanakit, karima-rimarim, o mapang-insulto, na epithet, pananalita o wikang kapag ipinatungkol sa ordinaryong mamamayan ay, ayon sa kaalaman ng nakararami, posibleng makapagpasimula ng marahas na reaksiyon ng takot, galit o pangamba;
- 31.** Paggawa ng seksuwal na aktibidad sa sarili o sa iba habang ina-access o sumasakay sa Sasakyang Pambiyahe; o sa mga Pasilidad o Ari-arian ng STA;
- 32.** Pagsusugal o paglalaro ng kahit anong nakabatay sa kapalaran upang manalo ng pera o anumang may halaga sa mga Sasakyang Pambiyahe ng STA o sa mga Pasilidad o Ari-arian ng STA (RCW 9.91.025);

- 33.** Paggamit ng mga Sasakyang Pambiyahe o mga Pasilidad at Ari-arian ng STA para sa mga Aktibidad na may Kinalaman sa Transit, maliban kung awtorisado ng STA (RCW 9.91.025);
- 34.** Paggamit ng mga estasyon sa pag-charge gamit ang koryente [o mga outlet] na matatagpuan sa Plaza sa loob ng mga panahong lampas sa tatlung (30) minuto kada araw o pagbara sa access sa mga estasyon sa pag-charge gamit ang koryente [o mga outlet];
- 35.** Pagpasok sa mga Sasakyang Pambiyahe o sa mga Pasilidad at Ari-arian ng STA nang walang kakayahang alagaan ang sarili, dahil sa pagkakasakit, pagkalasing, o (mga) gamot;
- 36.** Paglalagay ng bagay o bahagi ng katawan ng isang tao sa pintuan o bintana ng Sasakyang Pambiyahe;
- 37.** Pagsabit o pagduyan sa mga bar o poste, nang nakataas ang mga paa, sa loob ng Sasakyang Pambiyahe o iba pang Pasilidad at Ari-arian ng STA; nang nakasabit o kaya naman ay nakadikit sa isang tao anumang oras sa labas ng Sasakyang Pambiyahe o iba pang Pasilidad o Ari-arian ng STA;
- 38.** Paggawa ng anumang pisikal na aktibidad ng sports sa mga Pasilidad at Ari-arian ng STA;
- 39.** Pagkabigong bayaran ang kaukulang pamasaha ayon sa iniaatas ng STA, kabilang na ang pagkabigong magpakita ng patunay ng bayad noong hiniling ito ng Taong nakatalagang magsubaybay sa pagbabayad ng pamasaha o pagkabigong bumaba sa bus o iba pang paraan ng pampublikong transportasyon noong hiniling

ito ng Taong nakatalagang magsubaybay sa pagbabayad ng pamasahe (RCW 36.57A.230/RCW 9.91.025);

- 40.** Hindi makatotohanang pagkatawan sa sarili bilang kalipikado para sa isang espesyal o pinababang pamasahe o paggamit ng anumang Permisong Pass na may kinalaman sa Sasakyang Pambiyahe kapag gumawa ng maling pagkatawan sa kalipikasyon (RCW 9.91.025);
- 41.** Hindi makatotohanang pagpapakilala bilang operator ng transit, iba pang empleyado ng transit, o boluntaryo; o sa mga salita, kilos at/o paggamit ng mga damit, sagisag o kagamitang nanggagaya sa mga uniporme at kagamitang inisyu ng kagawaran, na gumagawa ng maling impresyon na isa siyang operator ng transit, iba pang empleyado ng transit, o boluntaryo (RCW 9.91.025);
- 42.** Pagtanggap maayos na i-secure ang isang wheelchair sa mga Sasakyang Pambiyahe;
- 43.** Pagtanggap gumamit ng mga personal na pangharang/sinturong pangkaligtasan sa mga Sasakyang Pangtransportasyon na nagbibigay ng mga Serbisyo ng Paratransit, maliban kung nagbibigay na ang customer sa STA ng nakasulat na abiso ng kautusang pagbubukod sa naturang paggamit (RCW 46.61.688);
- 44.** Panghihimasok o pangingialam sa mga mobile data computer, camera component; kahon ng pamasahe, o anupamang kagamitan sa mga Sasakyang Pambiyahe o mga Pasilidad at Ari-arian ng STA (RCW 9.91.025);

- 45.** Paglampas sa bilang ng mga hindi pagsipot na pinapayagan sa ilalim ng mga pamamaraan ng Paratransit para sa serbisyong pangmaramihan kung saan nagsasabay-sabay sa sasakyan ang mga pasahero, hangga't ang mga biyaheng nakaligtaan nang may mga dahilang labas sa kontrol ng customer ay hindi dapat ibilang sa mga hindi pagsipot;
- 46.** Pagsagabal sa mga Serbisyo ng Paratransit dahil sa hindi pagsunod sa mga pamamaraang nakatakda sa Handbook ng Rider ng Paratransit;
- 47.** Paglabag sa kautusan ng pagpuwera na inisyu alinsunod sa B.2 ng Artikulo III; (RCW 9A.52.070/080);
- 48.** Paggawa ng iba pang pag-aasal na di-tugma sa nilalayong paggamit at layunin ng mga Sasakyang Pambiyahe o mga Pasilidad o Ari-arian ng STA, at pagtanging sumunod sa mga utos ng ahente ng awtoridad ng transit o ng tagapagpatupad ng kapayapaan, na naaayon sa batas, upang ihinto ang nasabing pag-aasal (RCW 9.91.025);
- 49.** Paggawa ng mga agresibo, mapanggipit, mapagbanta o panggulong pahayag sa mga Empleyado ng STA, kabilang na ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga tawag sa telepono na ginawa sa 509-328-RIDE(7433) o sa mga numero ng teleponong administratibo, Paratransit o pang-operasyon ng STA; at
- 50.** Paglabag sa anumang pederal, pang-estado, o munisipal at pangkrimeng batas.

Inilathala Noong Enero 2018

